# Mga Sistema sa Paniningil:
# Mga Madalas na Katanungan

Ang PIC ay isang programa sa maagang interbensyon sa ilalim ng Individuals with Disabilities Education Act (IDEA). Ang bahagi ng batas ng IDEA na sinusunod ng PIC ay tinatawag na Part C. Sinasabi sa Part C na ang ilan sa mga serbisyo ay ibinibigay sa mg bata at mga pamilya na walang hinihinging bayad sa mga pamilya. Ang mga serbisyong ito ay:

- Pagsusuri at mga Pagtataya
- Serbisyo para sa plano ng pagpapaunlad ng indibidwal na pamilya
- Serbisyo para sa pakikipag-ugnayan ng pamilya
- Pagpapatupad sa inyong mga Karapatan bilang magulang at mga pangangalagang pamproteksyon

***Magkano ang gastos para masuri ang aking anak ng PIC?***

Ang mga pagsusuri at mga pagtataya na ibinibigay ay walang bayad sa mga pamilya. Sa inyong kapahintulutan, sisingilin ng PIC ang Medicaid o ang inyong insurance para sa mga pagsusuri, ngunit anuman ang kakulangan ay hindi sisingilin sa mga pamilya.

***Bakit kailangan kong pumirma sa pomularyo na nagbibigay ng pahintulot na singilin ang insurance?***

Ipinahahayag sa batas ng Part C na ang mga pamilya ay dapat na magbigay ng pahintulot sa PIC na singilin ang kanilang insurance o Medicaid para sa mga serbisyong ibinibigay ng Occupational Therapists, Physical Therapists, at Speech Therapists.

***Ano ang mangyayari kung hindi ako magbibigay ng pahintulot sa PIC na singilin ang aking insurance o Medicaid?***

Ang mga pamilya ay may karapatang ipagkait ang pahintulot na singilin ang insurance. Gayunpaman, magpapatuloy pa ring matatanggap ang mga serbisyong IFSP ng inyong anak na napagkasunduan.

***May panganib ba na pahintulutan ang PIC na maningil para sa mga serbisyo?***

Wala. Para sa Medicaid at Denali Kid Care walang mga panganib na pahintulutan ang PIC na maningil sa mga serbisyo. **Walang** pang habang buhay na caps o limitasyon ang inilagay sa mga pampublikong insurance na ito. Para sa mga pribadong insurances, ipinagbabawal ng AffordableCare Act sa mga kompanya ng insurance ang magpataw ng taunang limitasyon o panghabang buhay na caps sa mga mahahalagang benepisyo sa kalusugan.

Ang PIC ay maaaring tumulong sa mga pamilya na mag- aplay para sa Medicaid o Denali Kid Care kung hihilingin.

***Sino ang maaari kong kausapin kung ako ay may mga katanungan ukol sa mga patakaran ng PIC sa paniningil?***

Maaari kayong tumawag sa PIC sa 561-8060.

Maaari kang tumawag sa PIC sa 907-561-8060, para magtanong. Ang mga serbisyo ng interpreter ay ibibigay nang libre.